Estado ng Nevada
DEPARTMENTO NG NEGOSYO AT INDUSTRIYA
DIBISYON NG MGA UGNAYAN SA INDUSTRIYA
Seksyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa

PAUNAWA

Pag-iingat: Pangkalahatan at hindi nilalayong maging legal na payo ang impormasyon sa ibaba. Kung may anumang tanong ka tungkol sa iyong katayuan bilang employer o empleyado o sa iyong mga karapatan at kwalipikasyon para sa mga partikular na benepisyo sa ilalim ng pinsalang pang-industriya o claim sa pagkakasakit kaugnay ng trabaho, dapat kang kumunsulta sa abogadong may karanasan sa pang-industriyang insurance.

Maikling Paglalarawan Kung Kinakailangan ng Employer na Kumuha ng Pang-industriyang Insurance at Kung Nasasaklaw na Empleyado ang Tao

Ang bawat employer … ay dapat magkaloob at makakuha ng kompensasyon … para sa anumang personal na pinsala sa aksidenteng natamo ng empleyadong nagmula sa, at sa panahon ng pagtatrabaho. Tingnan ang NRS 616B.612(1).

Tinutukoy ang **employer** bilang, "Bawat tao, kompanya, boluntaryong asosasyon at pribadong korporasyon, kabilang ang anumang korporasyon para sa pampublikong serbisyo, na may serbisyo sa sinumang tao sa ilalim ng kontrata ng pag-hire." Tingnan ang NRS 616A.230(2). "Hindi employer ang isang tao …. kung: (a) Nakipagkontrata ang tao sa ibang tao o negosyo na independiyenteng negosyo; at (b) At wala ang tao sa parehong kalakalan, negosyo, propesyon o trabaho gaya ng independiyenteng negosyo." Tingnan ang NRS 616B.603(1).

Malawak na binibigyang kahulugan ang **empleyado** bilang, "… bawat taong nagtatrabaho para sa employer sa ilalim ng anumang appointment o kontrata ng pag-hire o pag-apprentice, nang hayag o ipinahiwatig, nang pasalita o nakasulat, legal man o labag sa batas na nagtatrabaho" (Tingnan ang NRS 616A.105), pero hindi kasama ang mga kaswal na empleyadong wala sa parehong kalakalan, negosyo, propesyon o trabaho; mga taong nakikibahagi bilang nagtatanghal sa teatro, entablado o sa eksibisyon; mga musikerong hindi tumatagal nang mahigit sa 2 magkakasunod na araw; mga tagapaglingkod sa sambahayan, mga empleyado sa pagsasaka at pagrarantso; boluntaryong ski patrol; opisyal ng sports na binabayaran nang maliit; mga pari, rabbi o pangkaraniwang mambabasa; mga broker ng lupa't bahay o mga nagbebenta; at kinomisyong mga taong nagbebenta (Tingnan ang NRS 616A.110).

Ang **independiyenteng kontratista** ay isang taong tinanggap at binayaran lang para makagawa ng resulta**.** Binibigyang-kahulugan ito bilang, "… sinumang taong nagbibigay ng serbisyo para sa tiyak na kabayaran para sa tiyak na resulta, sa ilalim ng kontrol ng amo ng tao bilang resulta lang ng trabaho at hindi sa paraan kung paano ginawa ang naturang resulta." Tingnan ang NRS 616A.255.

Maikling Paglalarawan ng Iyong Mga Karapatan at Benepisyo Kung Napinsala Ka sa Trabaho o Sakit na kaugnay ng Trabaho

Abiso ng Pinsala o Sakit na kaugnay ng Trabaho (Form C-1 para sa Ulat ng Insidente) Kung lumitaw ang pinsala o sakit na kaugnay ng trabaho (OD) mula sa at sa kurso ng trabaho, dapat kang magbigay ng nakasulat na abiso sa iyong employer sa lalong madaling panahon, pero hindi lalampas sa 7 araw pagkatapos ng aksidente o OD. Dapat magpanatili ang iyong employer ng sapat na suplay ng mga form.

Claim ng Empleyado para sa Kompensasyon/Ulat ng Paunang Paggamot (Form C-4): Kung humingi ng medikal na paggamot, available ang Form C-4 sa lugar ng paunang paggamot. Dapat na punan ang nakumpletong Form C-4 sa loob ng 90 araw pagkatapos ng aksidente o OD. Dapat kumpletuhin at ipadala ng gumagamot na doktor, chiropractic na manggagamot, katulong ng doktor o nars na may bihasang kasanayan sa employer, tagaseguro ng employer at ikatlong-partido na tagapangasiwa, ang Claim para sa Kompensasyon sa loob ng 3 araw ng trabaho pagkatapos ng paggamot.

Medikal na Paggamot: Kung kailangan mo ng medikal na paggamot para sa iyong pinsalang natamo sa trabaho o OD, maaaring kailanganin mong pumili ng doktor o chiropractic na manggagamot mula sa listahang ibinigay ng tagaseguro ng kompensasyon ng iyong mga manggagawa, kung nakipagkontrata ito sa Organisasyon para sa Pinapamahalaang Pangangalaga (Organization for Managed Care, MCO) o Gustong Organisasyon ng Provider (Preferred Provider Organization, PPO) o mga provider ng pangangalaga sa kalusugan. Kung hindi nakipagkontrata ang iyong employer sa MCO o PPO, maaari kang pumili ng doktor o chiropractic na manggagamot mula sa Panel ng Mga Doktor at Chiropractic na Mga Manggagamot. Babayaran ng iyong tagaseguro ang anumang **gastos sa medikal** na nauugnay sa iyong pinsala sa industriya o OD.

Pansamantalang Ganap na Kapansanan (TTD): Kung pinatunayan ng iyong doktor na hindi ka makakapagtrabaho sa loob ng hindi bababa sa 5 magkakasunod na araw, o 5 pinagsama-samang araw sa loob ng 20 araw, o naglalagay ng mga paghihigpit sa iyong hindi tinatanggap ng iyong employer, maaari kang maging kwalipikado sa TTD na kompensasyon.

Pansamantalagang Bahagyang Kapansanan (TPD): Kung mas mababa ang sahod na natatanggap mo sa muling pagtatrabaho kaysa sa kompensasyon para sa TTD kung saan ka nararapat, maaaring kailanganin ng tagaseguro na bayaran ka ng TPD na kompensasyon para mapunan ang pagkakaiba. Mababayaran lang ang TPD sa maximum na 24 na buwan.

Permanenteng Bahagyang Kapansanan (PPD): Kapag maayos na ang iyong kondisyong medikal at may indikasyon ng PPD bilang resulta ng iyong pinsala o OD, sa loob ng 30 araw, dapat ayusin ng iyong tagaseguro ang pagsusuri ng sumusuring doktor o chiropractic na manggagamot para matukoy ang antas ng iyong PPD. Nakabatay ang halaga ng iyong kaloob para sa PPD sa petsa ng pinsala, mga resulta ng pagsusuri ng PPD, iyong edad at sahod.

Permanenteng Ganap na Kapansanan (PTD): Kung nakatanggap ka ng medikal na sertipikasyon mula sa gumagamot na doktor o chiropractic na manggagamot bilang permanente at ganap na may kapansanan at nabigyan ng katayuang PTD ng iyong tagaseguro, may karapatan kang makatanggap ng buwanang mga benepisyo na hindi lalampas sa 66 2/3% ng iyong average na buwanang sahod. Napapailalim ang halaga ng iyong mga pagbabayad sa PTD sa pagbawas kung nakatanggap ka dati ng lump sum na kaloob para sa PPD.

Mga Serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon: Maaari kang maging kwalipikado para sa mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon kung hindi ka makabalik sa trabaho dahil sa permanenteng pisikal na kapansanan o permanenteng paghihigpit bilang resulta ng iyong pinsala o sakit na kaugnay sa trabaho.

Transportasyon at Per Diem na Pagbabalik ng Nagastos: Maaari kang maging kwalipikado para sa mga gastos sa paglalakbay at per diem na nauugnay sa medikal na paggamot.

Muling pagbubukas: Maaari mong muling buksan ang iyong claim kung lumala ang iyong kondisyon pagkatapos ng pagsasara ng claim.

Proseso ng Apela: Kung hindi ka sumasang-ayon sa nakasulat na pagpapasya na ibinigay ng tagaseguro o hindi tumugon ang tagaseguro sa iyong kahilingan, maaari kang umapela sa **Opisyal ng Pagdinig ng Departamento ng Pangasiwaan,** sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubiling nakapaloob sa iyong liham ng pagpapasiya. Dapat mong iapela ang pagpapasya sa loob ng 70 araw mula sa petsa ng sulat ng pagpapasya sa 1050 E. William Street, Suite 400, Carson City, Nevada 89701, o 2200 S. Rancho Drive, Suite 210, Las Vegas, Nevada 89102. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Opisyal ng Pagdinig, maaari kang umapela sa **Opisyal ng Apela ng Departamento ng Pangasiwaan**. Dapat mong ihain ang iyong apela sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng liham ng desisyon ng Opisyal ng Pagdinig sa 1050 E. William Street, Suite 450, Carson City, Nevada 89701, o 2200 S. Rancho Drive, Suite 220, Las Vegas, Nevada 89102. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Opisyal ng Apela, maaari kang maghain ng **petisyon para sa pagsusuri ng hukom sa Korte ng Distrito.** Dapat mong gawin ito sa loob ng 30 araw sa desisyon ng Opisyal ng Apela. Maaaring kinatawan ka ng abogado sa sarili mong gastos, o maaari kang makipag-ugnayan sa NAIW para sa posibleng representasyon.

Abogado para sa Mga Napinsalang Manggagawa sa Nevada (NAIW): Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Opisyal ng Pagdinig, maaari mong hilingin na kumatawan sa iyo ang NAIW nang walang bayad sa pagdinig sa Opisyal ng Apela. Independiyenteng ahensya ng estado at hindi kaakibat ng sinumang tagaseguro ang NAIW. Para sa impormasyon tungkol sa pagtanggi sa mga benepisyo, maaari kang makipag-ugnayan sa NAIW sa: 1000 E. William Street, Suite 208, Carson City, NV 89701, (775) 684-7555, o 2200 S. Rancho Drive, Suite 230, Las Vegas, NV 89102, (702) 486-2830.

Para Maghain ng Reklamo sa Dibisyon: Kung gusto mong magsampa ng reklamo sa Tagapangasiwa ng Dibisyon ng mga Ugnayan sa Industriya (DIR), pakikontak ang Seksyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa, 1886 East College Pkwy. Ste. 100, Carson City, NV 89706, telepono (775) 684-7270, o 2300 W. Sahara Ave, Suite 300, Las Vegas, NV 89102, telepono (702) 486-9080.

Para sa Tulong sa Mga Isyu sa Kompensasyon ng Manggagawa: Maaari kang makipag-ugnayan sa Opisina para sa Tulong sa Kalusugan ng Consumer sa Estado ng Nevada, 7150 Pollock Drive, Las Vegas, NV 89119, Toll Free 1-888-333-1597, Website: https://adsd.nv.gov/Programs/CHA/Office_for_Consumer_Health_Assistance_(OCHA)/, E-mail cha@govcha.nv.gov

Hinango ang impormasyon sa publikasyong ito nang ingklusibo mula sa Mga Kabanata 616A hanggang 616D, at 617 ng Mga Nibrebisang Batas sa Nevada at ibinibigay para sa mga layuning pang-impormasyon lang. Kung may mga tanong ka tungkol sa iyong pinsala o claim sa kompensasyon ng mga manggagawa, pakitawagan ang sumusunod:

Tagaseguro/Tagapangasiwa: _____ Taong Kaugnayan: _____

Address: _____ Numero ng Telepono: _____
Lungsod Estado Zip

MCO/Tagapagbigay ng Pangangalaga sa Kalusugan: _____ Taong Kaugnayan: _____

Address: _____ Numero ng Telepono: _____
Lungsod Estado Zip